

## Update sa COVID-19 – ika-1 ng Disyembre 2021

Narito ang buwanang update sa Covid-19 ngayong Disyembre:

### OMICRON – ANG BAGONG VARIANT NG COVID-19

Tulad ng unang naiulat sa pandaigdigang midya, ang WHO (World Health Organization) ay nagdeklara ng panibagong variant ng coronavirus na dapat ikabahala at pinangalanan itong *Omicron*.

Ang bagong variant ay may ilang mutasyon na maaaring makaapekto sa kung paano ito kikilos, halimbawa, gaano ba ito kadalang kumalat o gaano kalala ang sakit na maaaring idulot nito. Makikita ang buod ng kanilang pinakabagong impormasyon tungkol sa *Omicron* sa opisyal na website ng WHO: <https://www.who.int/news/item/28-11-2021-update-on-omicron>

Katulad ng mga pangyayari sa kabuuan ng pandemya, patuloy na nakikipagtulungan ang Gobyerno ng Falkland Islands sa mga kinatawan ng kalusugan at mga organisasyon mula sa UK upang masiguro na tayo ay ganap na may kamalayan sa pinakabagong dato at siyentipikong pagsasaliksik tungkol sa bagong variant. Ang impormasyon na ito ay gagamitin upang makatulong sa ating pagpapaplano sa kasalukuyang pagresponde natin sa Covid-19 at ang mga hakbang na nakalugar upang protektahan ang ating komunidad.

### PAGSUSURI SA KEMH

- Kabuuang dami ng swab tests na naisagawa at naproseso sa ngayon: Walong libo, tatlong daan at labing anim (8,316)
- Kabuuang dami ng swabs na nakuha ngunit di pa nasusuri: Wala (0)
- Kabuuang dami ng positibong resulta simula noong ika-3 ng Abril 2020: Walumpu't tatlo (83)
- Dami ng kasalukuyang positibong resulta sa loob ng isla: Wala (0)

Kasalukuyang walang positibong kaso sa loob ng isla at ang lahat ng kaso hanggang sa petsang ito ay nakilala sa pamamagitan ng ating isinasagawang *quarantine surveillance swabbing*.

### UPDATE SA BAKUNA

Ang ating programa sa pagbabakuna ay magpapatuloy, sa ginta ng sitwasyon sa mga abiso mula sa JCVI (*Joint Committee on Vaccination and Immunisation*) at ang susunod na bahagi ay nakatutok sa pag-aabot ng mga pangunahing dosis sa mga batang may edad 12 hanggang 15 anyos at ang dosis ng *booster* para sa mga matatandang may edad 18 hanggang 50.

Ang mga batang may edad 12 hanggang 17 ay mabibigyan ng kanilang pangunahing dosis sa susunod na linggo at malamang ang kanilang pangalawang dosis ay ibibigay sa mga batang may edad 12 hanggang 15 anyos sa katapusan ng Enero / simula ng Pebrero. Ang mga taong may edad 16 hanggang 17 anyos na nakatanggap ng kanilang unang dosis noong ika-5 ng Nobyembre ay

malamang na mabigyan ng kanilang pangalawang dosis pagkatapos ng kalagitnaan ng Enero – na susunod sa pinakabagong abiso mula sa JCVI.

Humigit kumulang isang libo, dalawang daan at limampung (1,250) tao na ang nakatanggap ng kanilang dosis na *booster* sa ngayon, na karamihan ay mga taong may edad lampas 50 anyos at nabibilang sa mga categoryang nanganganib. Ang mga matatandang may edad 18 anyos at pataas na hindi pa nakatanggap ng kanilang *booster* ay magkakaroon ng oportunidad ngayong buwan. Ang gabay ng JCVI sa ngayon ay nagsasaad na ang *booster* na bakuna ay hindi maaaring ibigay sa loob ng tatlong buwan mula sa pagtatapos ng kanilang unang pangunahing bakuna, di tulad ng dati na anim na buwan; sa gayon, ang sinumang makatanggap ng kanilang pangalawang bakuna bago ang ika-13 ng Setyembre 2021 ay makatanggap ng kanilang *booster* sa buwan na ito.

Ang *vaccination centre* ay magbubukas muli sa operasyon sa FIDF Club at ang sinumang hindi pa nakakakuha ng kahit anong dosis ng bakuna sa Covid-19 at yaong mga nakatanggap ng kanilang unang dosis bago ang ika-13 ng Nobyembre ay maaaring magpunta para sa kanilang pangalawang dosis sa mga sesyon na isasagawa sa susunod na buwan. Ang mga oras ay iaanunsyo sa mga susunod na lingo. Tulad ng dati, ihahatid ng FIGAS ang *vaccination team* sa West at Outer Islands, at ang mga bisitang ito ay depende sa panahon, at ang mga petsa ay ikukumpirma sa takdang panahon.

Huwag kalimutan na tayo ay may nakatuon na pahina para mga madalas na katanungan sa ating website para bigyang linaw ang iyong mga katanungan patungkol sa mga bakuna; bumisita sa: <https://www.falklands.gov.fk/covid-19/vaccinations/vaccine-faq>

### **SELF-ISOLATION O PAGHIHIWALAY SA SARILI**

Nais ipaalala ng KEMH sa publiko ang patuloy at kahalagahan o pagsasagawa ng pagbabalita sa kanila ng mga sintomas ng sipon at trankaso. Kung ikaw ay nakakaranas ng mga sintomas ay makipagugnayan agad sa KEMH sa numerong 28000, at ikaw ay hihingan ng numero para tawagan ng reception staff at ikaw ay aabisuhan na mag self-isolate kung kinakailangan base sa kanilang abiso.

Kung ikaw ay may nakakahawang sakit tulad ng sipon o trankaso ay nararapat na ikaw ay manatili sa bahay, malayo sa ibang tao, hanggang sa ikaw ay tuluyang gumaling. Ang sinumang bata na may lagnat, na may kasamang ubo, at may hinog na sipon, at hindi kumakain o umiinom ng tubig, o nakakaranas ng pagtatae o pagsusuka ay dapat na lumayo sa nursery o sa paaralan. Kailangan sila ay tuluyang gumaling at walang lagnat sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras bago sila bumalik sa paaralan.

Tandaan, upang mabawasan ang pagkalat ng mga virus:

- **Saluhin mo:** madaling kumalat ang germs; magdala ng tisyu at gamitin ito upang saluhin ang iyong ubo o pagbahing
- **Itapon mo:** mananatailing buhay ang germs sa tisyu sa loob ng ilang oras, itapon ito agad-agad.

- **Patayin mo:** ang mga kamay ay madaling nakakapagkalat ng germs sa lahat ng mahahawakan nito, kaya't linisin ng madalas ang iyong mga kamay.

### **COVID-19 SWAB TESTING BAGO BUMIYAHE SA LABAS NG FALKLAND ISLANDS**

Ipinapaalala ng KEMH sa publiko na kung ikaw ay nangangailangan na magsagawa ng Covid-19 swab bago bumiyahе sa labas ng Falkland Islands, **kailangan** mo itong ipaalam sa KEMH **sampung (10) araw bago ka bumiyahе.**

Para isaayos ang pagsasagawa ng swab, kailangang magpadala ng email sa [surveillance@kemh.gov.fk](mailto:surveillance@kemh.gov.fk) na may titulo sa subject na "Travel Swab" at isama sa email ang mga sumusunod na impormasyon:

1. Buong pangalan, Address, at Petsa ng Kapanganakan ng taong nangangailangan ng swab
2. Numero ng Telepono upang matawagan ka ng KEMH
3. Petsa ng pag-alis ng indibidwal mula sa isla
4. Bansa na iyong pupuntahan AT ang mga *requirements* ng bansang iyong pupuntahan (halimbawa: kung ang swab ay dapat makuha sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras bago umalis)

KEMH ang makikipagugnayan sa iyo para i-book ang iyong appointment na iyong dadaluhan at sila ang tatawag sa iyo para ipaalam ang iyong resulta. Ang serbisyong ito ay libre at ito ay isasagawa kasabay sa pangangasiwa ng iyong *quarantine swab testing*, kaya't kailangan na i-book ito ng mas maaga.

**Sa panahon ng kapaskuhan, ang laboratory ng KEMH ay magbubukas lamang sa paraan na *on-call*, kaya't ang kahit anong swab tests na hindi nai-book ng mas maaga ay maaaring hindi maproseso sa panahon ng iyong pagbiyahе, kaya't siguruhin na magbigay ng sapat na panahon upang maisaayos ang iyong pagsusuri.**

### **UPDATE SA BIYAHE**

Ang Gobyerno ng Falkland Islands ay nagbibigay ng dalawang listahan upang magamit sa mga biyaheng pa-hilaga o pa-timog – at makikita ito sa ating website na: <https://www.falklands.gov.fk/covid-19/>

### **Mga biyahero papuntang hilaga...**

Kasunod sa paglabas ng bagong Omicron variant, ang gobyerno ng UK ay naghigpit sa kanilang mga batas sa pagpasok sa Inglatera. Ang mga binagong pangangailangan ay ang mga sumusunod:

- Bago bumiyahе, ang mga pasahero ay kailangang kumumpleto na *UK Passenger Locator Form*, apatnapu't walong oras (48) bago ang pagdating: <https://www.gov.uk/provide-journey-contact-details-before-travel-uk>

- Upang makakumpleto ng form na ito, ang mga pasahero ay kailangang mag-book at magbayad ng kanilang *Day 2 Covid-19 Test*, at ang *booking reference* ay kailangan isama sa form na ito: <https://www.gov.uk/guidance/travel-to-england-from-another-country-during-coronavirus-covid-19>
- Dahil sa bagong variant, pagdating sa Inglatera, ang mga pasahero ay kailangang kumuha ng kanilang *Day 2 Test* at dapat na mag-self isolate hanggang sa matanggap nila ang negatibong resulta: <https://www.gov.uk/guidance/red-amber-and-green-list-rules-for-entering-england>

Ang kalusugan ay mariing responsibilidad sa loob ng UK at sa gayon ang mga batas sa Northern Ireland, Scotland, at Wales ay maaaring maiba, maaaring magpunta sa mga websites na nakalista sa ibaba para sa pinakabagong impormasyon:

- Northern Ireland: <https://www.nidirect.gov.uk/articles/coronavirus-covid-19-travel-advice>
- Scotland: <https://www.gov.scot/publications/coronavirus-covid-19-international-travel-quarantine/>
- Wales: <https://gov.wales/rules-international-travel-and-wales-coronavirus>

### **Mga biyahero papuntang timog...**

Makikita mo ang mga listahan ng mga bisita na pinapayagang pumasok sa Falkland Islands sa pagbisita sa website na <https://www.falklands.gov.fk/covid-19/travel/southbound>

Ang lahat ng bisita ay sasailalim sa kaparehong pangangailangan sa quarantine at ang mga permits ay ay patuloy pa rin na susuriin ng Customs and Immigration para masiguro na ang polisiya ay isinasagawa ng tama at pulido. Ang karagdagang impormasyon sa mga hakbang sa quarantine ay makikita sa ating website na: <https://www.falklands.gov.fk/covid-19/quarantine>

Karagdagan dito, sa mga naganap na pagka-antala sa biyahe ng Airbridge pa-timog, pumayag ang Gobyerno ng Falkland Islands na ibalik ang mga nagastos ng mga pasahero na yaong mga plano ay naantala kaya't kinailangan nilang magsagawa ng tatlo o higit pang PCR tests bago bumiyaha.

Ang mga claims ay aprubado lamang para sa southbound flights at maaari lamang na maproseso simula sa pangatlong pagsusuri, at walang reimbursement para sa una at pangalawang PCR tests na ginastusan at isinagawa ng kahit sinong indibidwal.

Para mag-apply para sa reimbursement, ang mga aplikante ay kailangang kumumpleto ng isang *'PCR Test Claim Form'* at magbigay ng kopya ng kanilang mga resibo para sa mga PCR tests na kanilang binili at isinagawa. Ang form at karagdagang mga tagubilin ay makikita sa website ng gobyerno, bumisita sa: <https://www.fig.gov.fk/covid-19/travel/southbound>

## **UPDATE SA LATAM**

Tulad ng inabiso noong ika-23 ng Hulyo 2021, ang mga *commercial airlinks* sa parehong bansa na Chile at Brazil ay mananatiling suspendido hanggang ika-1 ng Pebrero 2022. Katulad ng mga pangyayari sa kabuuan ng pandemya, ang sitwasyon ay sasailalim sa regular na pag-aaral, patungkol sa mga pinakabagong pag-uusap na magaganap kasama ang LATAM sa kabuuan ng Nobyembre.

Tinignan sa bawat pag-aaral ang patuloy na paghihigpit sa pagbibiyaha at paghihigpit sa mga hangganan, pati na rin ang pinakabagong datos tungkol sa lagay ng kalusugan at pandemya sa Timog Amerika at sa estado ng mga bakuna sa buong daigdig. Dahil sa paglabas ng bagong Omicron variant, ito ay nagdulot ng karagdagang salik o *factor* na dapat na ngayong ikunsidera, at ang karagdagang update ay ibibigay sa publiko sa lalong madaling panahon.

## **WEBSITE NG COVID-19**

Huwag kalimutan na bumisita sa ating website na nakatuon para sa pinakabagong impormasyon sa kung paano rumesponde ang Gobyerno ng Falkland Islands sa Covid-19; kasama rin ang mga katanungan sa pagbibiyaha, pagsusuri, at sa quarantine. Sa kasalukuyan ay mayroon nang 40,000 na bisita sa ating website at ito pa rin ang pinakamainam na pagkukunan ng impormasyon at suporta para sa Covid-19; bumisita sa <https://www.falklands.gov.fk/covid-19/>

**May karagdagang update na ilalabas sa buwan ng Disyembre tungkol sa Covid-19, dahil sa umuusbong na sitwasyon patungkol sa bagong variant at ang kadalasang pagtaas ng biyahe patungo at pamula sa isla ngayong buwan.**

**Ang susunod na buwanang update para sa Covid-19 dito sa Falkland Islands ay sa ika-5 ng Enero 2022.**